NATIONAL ASSOCIATION FOR SIKOLOHIYANG PILIPINO, INC.

4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 434-7973 E-mail: pssponline@gmail.com
Website: www.pssp.org.ph

PAMUNUAN
2014-2015

Jay A. Yacat
Pangulo

Homer J. Yabut
Pangalawang Pangulo

Jayson D. Petras
Kalihim

Josefina Andrea R. Cantiller
Ingat-Yaman

Miriam Grace A. Malabanan
Howell B. Calma
Jose mari A. Carpena
Christine Anne A. De Villa
Carl O. Dellomos
Roberto E. Javier, Jr.
Silfa C. Napicol
Maria Guadalupe C. Salanga
Miyembro

Kenneth Carlo L. Rives
Sekretaryat

Virgilio G. Enriquez
1942-1994
Ama ng Sikolohiyang Pilipino
Pangulong Tagapagtatag

31 Marso 2014

_____
_____
_____
_____

Mahal na _____:

Isang mapagpalayang pagbati!

Ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) ay isang propesyunal na organisasyon ng mga indibidwal at grupong naninindigang magtaguyod ng isang makabuluhan at makahulugang sikolohiya at agham panlipunan sa Pilipinas. Sa darating na sa 22-23 Mayo 2014, isasagawa po namin ang **Linangan: Isang Seminar Workshop sa Pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino*** sa Unibersidad ng Pilipinas, Los Baños, Laguna sa pakikipagtulungan ng **Department of Social Sciences, UPLB**.

Sa loob ng dalawang araw, papaksain ng kurso ang mga batayang kaisipan at usapin sa Sikolohiyang Pilipino. Kasama rin sa pagtalakay ang mga mahahalagang paksa na kailangang maisama sa anumang panimulang kurso sa Sikolohiyang Pilipino. May pagtalakay rin sa mga metodong angkop para sa kurso. Ang workshop *fees* ay nagkakahalaga ng **P3,000.00 (kasapi)** at **P3,500.00 (di-kasapi)** bawat isang tao. Kasama sa halagang ito ang pagkain, workshop *kit* at katibayan ng paglahok.

Kaugnay nito, nais namin kayong anyayahang magpadala ng isa o higit pang kinatawan para sa maikling kursong ito. Mainam kung ang pipiliin ay iyong mga nakapagturo na, nagtuturo o balak magturo o pagturuin ng panimulang kurso sa Sikolohiyang Pilipino.

Para po sa pagbayad ng workshop *fees*, maaari itong ideposito sa aming PNB checking account na **National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.** (Account No.: **473427800012**) sa pinakamalapit na sangay ng Philipppine National Bank sa inyong lugar. Lahat ng tseke ay dapat nakapangalan sa **"NATIONAL ASSOCIATION FOR SIKOLOHIYANG PILIPINO, INC."** Maaari ring ipadala ang inyong bayad sa aming **GCASH Account No. 0916-2114973**.

Lubos na gumagalang,

Prop. Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
Pangulo, PSSP

/kclr09

**Ang partisipasyon sa Linangan 2014 ay may katumbas na CPE points mula sa Psychological Association of the Philippines.*